KUNG MAY ALALAHANIN NA NAHAWAHAN NG COVID-19

❶ MAGPATINGIN SA DOKTOR

IKung may nararamdamang sintomas tulad ng lagnat at nais magpatingin sa doktor, o walang nararamdamang sintomas subalit nag aalalang nahawahan, mangyaring sumangguni o sundin ang alinman sa mga nasa ibaba.

【Epektibo mula Mayo 8, 2023】

BUMISITA SA FAMILY DOCTOR/O SA PINAKAMALAPIT NA KLINIKA

Para sa mga may nararamdamang sintomas tulad ng lagnat, ubo, o pananakit ng lalamunan, at nais magpatingin sa doktor, mangyaring kumunsulta sa kanilang family doctor/o sa pinakamalapit na klinika.

Kung nais na magpatingin sa doktor subalit hindi sigurado kung saan nararapat pumunta, mangyaring tumawag sa Medical Consultation Center.

Hokkaido COVID-19 Medical Consultation Center	**0120-303-111**
Sapporo: COVID-19 Medical Consultation Center	**011-350-5877**
Emergency Medical Consultation Center Sapporo	**011-272-7119**
Asahikawa: Medical Consultation Center	**0166-25-1201**
Hakodate: Medical Consultation Center	**0120-568-019**
Otaru: COVID-19 Consultation Center	**0120-890-177**

BUMILI NG TEST KIT

Kung nais na kumuha ng COVID-19 Test, ito ay maaaring mabili.
(Ang Programa para sa Libreng Test ay magtatapos sa Mayo 7, 2023.)

Ang mga Antigen test kits ay mabibili sa mga botika.Kung bibili sa internet ng self-test kit, atbp., mangyaring i-tsek kung ito ay nasalistahan ng "In vitro diagnostic medical products (aprobado ng gobyerno)" nakatala sa website nang Ministry of Health, Labour and Welfare.

Kung ikaw ay maghahanap ng "corona test kit" atbp.sa Internet, maraming test kits na nakadisplay ay para sa mga "for research (研究用)" at hindi aprobado ng Ministry of Health, Labour and Welfare, kaya mangyaring mag-ingat po na huwag magkamaling bumili.

Para sa mga detalye,mangyaring i-tsek ang mga link sa ibaba. (Nihonggo lang)

【Aprobadong pang-kalahatang layunin antigen test kit (OTC) para sa COVID-19】
https://www.mhlw.go.jp/stf/newpage_27779.html

【Listahan ng mga botikang namamahala nang medical antigen test kits】
https://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/0000082537_00001.html

PANG MEDIKAL NA GASTUSIN

Simula Mayo 8, 2023, bilang pangkalahatang patakaran ang lahat ng gastusin na may kinalaman sa COVID-19 ay babayaran na ng pasyente.

Kung may Japanese health insurance, bilang prinsipyo ikaw au may responsibilidad na bayaran ang 30% ng magagastos. Palaging dalhin ang health insurance card tuwing pupunta sa doktor



Kung ang resulta nang test ay “positibo,” o “mataas na peligro” at may suspetsa na maaaring ang resulta ay positibo, mangyaring magpatuloy sa page ❷.



KUNG IKAW AY POSITIBO SA COVID-19

2 PANAHON NG PAGPAPAGALING MEDIKAL NA KONSULTASYON

Gaano katagal mananatili sa tahanan kung positibo ang test? Sino ang nararapat kontakin kung biglang sumama ang pakiramdam? Bakit wala nang matatanggap na suporta? Ang pahinang ito ay naglalaman ng impormasyon ukol sa pangkalahatang panahon ng pagpapagaling at iba't ibang center na maaaring konsultahin.

PANAHON NG PAGPAPAGALING

Mula Mayo 8, 2023, ang pasyente ng COVID-19 ay hindi na pakikiusapan ng batas na huwag lumabas. Kung nais man lumabas o hindi, ito ay ipauubaya sa pansariling desisyon. Ang nasa ibaba ay ilan sa mga rekomendadong panahon na umiwas sa paglabas kung positibo ng COVID-19, magyaring gawin itong batayan sa paggawa ng sariling desisyon.

DAY 0	DAY 1	DAY 2	DAY 3	DAY 4	DAY 5	DAY 6	DAY 7	DAY 8	DAY 9	DAY 10
Petsa ng Unang SINTOMAS o TEST	5 araw mula na magkaroon ng sintomas (or test date) (at 24 oras matapos gumaling ang sintomas)					Pag monitor ng kalusugan at konsiderasyon ng iba * hanggang 10 araw				
DAY 0	DAY 1	DAY 2	DAY 3	DAY 4	DAY 5	DAY 6	DAY 7	DAY 8	DAY 9	DAY 10

*Konsiderasyon ng iba:may posibilidad na makahawa sa loob ng 10 araw mula maimpeksyon, kaya mangyaring mag ingat na huwag mahawahan ang nasa paligid (halimbawa: magsuot ng hindi tinahing mask, iwasang makihalubilo sa mga madaling mahawa (tulad ng mga may edad at iba pa),

KONSULTASYON

KUNG LUMUBHA ANG PAKIRAMDAM HABANG NAGPAPAGALING

Kung lumubha ang pakiramdam habang nagpapagaling, mangyaring kumontak sa Medical Consultation Center.

Hokkaido COVID-19 Medical Consultation Center	0120-501-507	(24/7)
Sapporo: COVID-19 Medical Consultation Center	011-350-5877	(9:00 ~ 18:00)
Emergency Medical Consultation Center Sapporo	011-272-7119	(24/7)
Asahikawa: Medical Consultation Center	0166-25-1201	(24/7)
Positive Patient Support Center	0166-21-3720	(9:00 ~ 20:00)
Hakodate: Medical Consultation Center	0120-568-019	(24/7)
Otaru: COVID-19 Consultation Center	0120-510-010	(24/7)

KUNG BIGLANG SUMAMA ANG KONDISYON

Sa oras ng emerhensya, o kailangan ng ambulansya,
TUMAWAG NANG DIRETSO SA 119!!

Hokkaido Foreign Resident Support Center

9:00 ~ 12:00, 13:00 ~ 17:00
LUNES〜BIYERNES

Kung hindi alam kung saan dapat kumunsulta, kailangan ng interpretasyon sa pagtawag sa anomang consultation centers, o nais maragdagan ang kaalaman ukol sa mga countermeasures, mangyaring kumontak lamang sa Hokkaido Foreign Resident Support Center

Maaaring kumunsulta sa mga wikang Ingles, Tsina, Korean, Vietnamese, Tagalog, Thai, Russian, Spanish, Portuguese, Nepali, Indonesian, Burmese and Khmer.

www.hiecc.or.jp/soudan support@hiecc.or.jp TEL: 011-200-9595 FAX: 011-221-7845